Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

7:4

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG DI-KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG DISYEMBRE 23, 2009, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:25 NG UMAGA.

DUMALO:

Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT ..... PANGALAWANG PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kagalang-galang Louie C. de Leon ..... Kagawad
Kagalang-galang Ramon D. Tan ..... Kagawad
Kagalang-galang Jun M. Asinas ..... Kagawad
Kagalang-galang Romulo A. Elca ..... Kagawad
Kagalang-galang Laura P. Obligacion ..... Kagawad
Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat ..... Kagawad
Kagalang-galang Angelito U. Limjuco ..... Kagawad
Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes . Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan

DI-DUMALO:

Kagalang-galang Oscar F. Feliciano ..... Kagawad
*Kagalang-galang Isagani R. Malapaya* ..... Kagawad – *Pangulo /Liga ng mga Barangay*

### KAPASIYAHAN BLG. 234-T2009

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET BLG. 4 NG BARANGAY POBLACION II NA NAGKAKAHALAGA NG ANIMNAPU'T DALAWANG LIBO LIMANG DAANG PISO (Php62,500.00) MULA SA BALANSENG WALANG PINAGLALAANAN NG EXCESS INTERNAL REVENUE ALLOTMENT PARA SA TAONG 2009 NA MAY KABUUANG HALAGANG (Php62,668.80) UPANG ILAAN SA IBA PANG BENEPISYO NG SANGGUNIANG BARANGAY (Php55,000.00) AT TULONG PINANSIYAL NG MGA KATULUNGIN (Php7,500.00) NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 61-T2009/ Kautusan sa Paglalaan Blg. 4-T2009 ng Sangguniang Barangay ng Poblacion II na nagkakahalaga ng Php62,500.00 mula sa Balanseng Walang Pinaglalaanan ng Excess Internal Revenue Allotment para sa taong 2009 na may kabuuang halagang Php62,668.80 upang ilaan sa Iba Pang Benepisyo ng Sangguniang Barangay (Php55,000.00) at Tulong Pinansiyal ng mga Katulungin (Php7,500.00) ng nabanggit na barangay.

**SAPAGKA'T,** *matapos ang pagsusuri at pag-aaral sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng* nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T,** lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga tuntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Ramon D. Tan (Pang. Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Laura P. Obligacion at Roselon F. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Karagdagang Badyet Blg. 4 ng Barangay Poblacion II na nagkakahalaga ng Php62,500.00 mula sa Balanseng Walang Pinaglalaanan ng Excess Internal Revenue Allotment para sa taong 2009 na may kabuuang halagang Php62,668.80 upang ilaan sa Iba Pang Benepisyo ng Sangguniang Barangay (Php55,000.00) at Tulong Pinansiyal ng mga Katulungin (Php7,500.00) ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Poblacion II, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **ALAN T. PAMATMAT**
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan